Name ______________________________ Class _____________ Date ______________

# Ang Mahalagang Tanong
# Kaugnayan ng Paaralan sa Tahanan

Binibigyan-diin ng Yunit 6 ang Mahalagang Tanong: Para saan ang mga kuwento? Sa buong yunit, matutunan mo ang kapangyarihan ng pagkukuwento. Bago mo ihanda ang iyong mga sariling sagot sa Mahalagang Kuru-kuro, alamin muna kung ano ang iniisip ng iyong mga magulang o ibang mga nakatatanda. Pumili ng isa sa mga gawain sa ibabâ na gagawin sa tahanan.

### **GAWAIN:** Ang Pagkukuwento

- Para sa bawat prompt sa ibabâ, hilingin ang isang kapamilya o ibang nakatatanda na sabihin ang kanyang iniisip.
- Isulat ang mga sagot sa isang hiwalay na papel.

- **Paboritong Alaala**
- **Pinakamahalagang Natupad**
- **Pinakamahirap na Paghamon**

Nagulat ka ba sa alinman sa mga sagot? Bakit o bakit hindi?

### **GAWAIN:** Paniwala

Pag-isipan ang isang importanteng pangyayari na sabay ninyong pinuntahan ng isang kapamilya o miyembro ng komunidad, tulad ng barbecue sa kapitbahayan o pagtatapós sa paaralan ng isang kapatid.

- Sa isang hiwalay na papel, gumawa ng chart na may dalawang hanay. Sa kaliwang hanay, isulat ang “Ang Naaalala Mo Tungkol sa Pangyayari” at sa kanang hanay, isulat ang “Ang Naaalala ng Nakatatanda Tungkol sa Pangyayari.”
- Sa kaliwang hanay, isulat ang naalala mo tungkol sa pangyayari.
- Sa kanang hanay, tanungin ang isang kapamilya na nagpunta sa parehong pangyayari na isulat ang naaalala niya tungkol sa pangyayari. Huwag pahintulutan ang taong ito na mabasa ang iyong sinulat bago siya magsulat.

Paano nagkakaiba ang dalawang bersiyon ng parehong kuwento? Bakit sila maaaring mag-iba?

### **GAWAIN:** Manunulat ng Kasaysayan ng Komunidad

- Kausapin ang isang kapamilya o miyembro ng komunidad tungkol sa iba’t-ibang mga salu-salo sa pamilya at kapitbahayan sa mga nakaraang taon. Mayroon bang isang kuwento na paulit-ulit na kinukuwento sa bawat salu-salo?
- Isulat ang kuwento sa isang hiwalay na papel. Tandaang isama ang mga paglalarawan at anumang mga bahaging sinipi na mga kinakailangang bahagi ng kuwento.

Copyright© by The McGraw-Hill Companies, Inc.